ALBERTA HEALTH ADVOCATES Mental Health

Ang iyong Karapatan sa ilalim ng Mental Health Act – Pormal na pasyente

Kung ikaw ay isang pormal (di-kusa) na pasyente, naintindihan ng Tanggapan ng Tagapagtanggol na maaring mahirap at maaksaya sa panahon. Ang Tagapagtanggol ng Pasyente sa Kalusugang Pang-Isip ay nandirito para pakinig sa iyong mga malasakit at seguradohin nila na maintindihan mo ang iyong mga karapatan. Tandaan, ikaw ay hindi nag-iisa.

Bilang isang pormal na (di-kusa) na pasyente sa ilalim ng Mental Health Act, ikaw ay may maraming karapatan. Sa ibaba ay listahan ng ilan sa mga karapatang ito para sa iyong impormasyon.

Karapatan ukol sa pagiging pagkahospital na labag sa iyong kalooban (antala)

IKAW AY MAY KARAPATAN na sabihan (sa personal at sa sulat) sa dahilan sa iyong di-kusang pagka-antala.

IKAW AY MAY KARAPATAN na makatanggap ng mga kopya sa iyong pagkapasok (Porma 1) at pagbago (porma 2) sa sertipiko.

IKAW AY MAY KARAPATAN na mag-aplay sa Hurado sa Pagsusuri na ipawalang-bisa ang iyong pagkapasok at pagbago sa sertipiko noong ikaw ay nakapigil sa hospital na labag sa iyong kalooban. Ang Hurado ay sakali o di sakaling ipawalang-bisa ang mga sertipiko.

- Ang hospital ay magbigay sa iyo ng pangalan at adres sa Pangulo ng Hurado sa Pagsusuri at ang *Aplikasyon sa Paglilitis ng Hurado sa Pagsusuri* (Porma 12). Bibigyan ka rin nila ng anomang tulong na kailangan mo para matulungan kang gumawa sa aplikasyon.

IKAW AY MAY KARAPATAN na ipa-alam sa iyo kung kailan matapos ang pagkapasok at pagbago sa sertipiko o pagkawalang-bisa.

Mga karapatan ukol sa iyong pagagamot

May-kakayahan na Pasyente

IKAW AY MAY KARAPATAN na tumanggi sa **pagagamot** kung ikaw ay **may-kakayahan sa pang-isip** na gumawa ng sariling desisyon sa pagagamot. (Ang hospital ay sakali, gayunman, **pipigilin** ka na wala sa iyong pahintulot kung sa akala nila ito ay kailangan sa paghadlang sa mga nakakasama sa katawan mo o sa ibang tao. Ang **pagpigil** ay ang pinaka-kaunting gamit sa pag-babawal, kasali ang gamot, bilang resonable at isaalang-alang ang kondisyon ng pangangatawan at isip ng tao).

- Kung umayaw ka sa **pagagamot,** ang iyong doktor ay sakaling mag-aplay sa Hurado ng Pagsusuri para sa utos ng pagamot. Sisiyasatin ng Hurado ng Pagsusuri ang iyong kalagayan at alinman ay gagawa ng utos sa pagagamot kung saan ka puwedeng ipagamot na wala sa iyong pahintulot **o** ang Hurado ay tumanggi na gumawa ng utos sa pagamot.

Walang-kakayahan na Pasyente:

IKAW AY MAY KARAPATAN na mag-aplay sa Hurado sa Pagsusuri para maghingi ng pagsisiyasat sa kuro-kuro ng manggagamot kung nakompleto na ng iyong doktor ang Porma 11 *Sertipiko ng Walang-kakayahang Gumawa ng Desisyon sa Pagagamot* na nagpahayag na ikaw ay **walang kakayahan sa pang-isip** na gumawa ng sariling mga desisyon sa pagagamot. Sisiyasatin ng Hurado ng Pagsusuri ang iyong kalagayan at alinman ay ipawalang-bisa ang Porma 11 o tumanggi sa pagkawalang-bisa nito.

Karapatan ukol sa Hurado ng Pagsusuri

IKAW at ang iyong abugado ay MAY KARAPATAN na dumalo sa panahon na ang ebidensiya ay ibibigay sa paglilitis ng Hurado ng Pagsusuri (maliban na ang Hurado ng Pagsusuri ay may malasakit na impormasyon na ibigay sa pasyente na sakaling malubhang mameligro sa kaligtasan ng ibang tao), at magtatanong ng ibang tao na magbigay ng ebidensiya sa paglilitis.

IKAW AY MAY KARAPATAN na humiling sa anomang desisyon ng Hurado ng Pagsusuri sa Court of Queen's Bench.

Pangkalahatang Karapatan

IKAW AY MAY KARAPATAN na komontak at tumanggap ng mga bisita mula sa iyong abugado kahit anong oras. Kung gugustuhin mo, maari kang magbalak na ang iyong abugado ay tutulong sa iyo sa paglilitis sa Hurado ng Pagsusuri at sa Court of Queen's Bench.

IKAW AY MAY KARAPATAN na tumanggap ng mga bisita sa panahon ng kinaugaliang oras na pagbisita sa hospital maliban na ini-isip ng iyong doktor na ang bisita ay nakakapahamak sa iyong kalusugan.

IKAW AY MAY KARAPATAN sa paglilihim ng lahat ng iyong impormasyong pangkalusugan maliban na ang *Batas ng Impormayong Kalusugan* ay magpahintulot para bitiwan ang iyong impormasyong pangkalusugan sa ilalim ng ilang kondisyon na wala sa iyong pahintulot.

IKAW AY MAY KARAPATAN sa paglilihim sa anomang sinulat mo na pakikipag-ugnayan o sulat para sa iyo. Ang mga tarbahante ng hospital ay hindi maaring magbukas, bumasa, humawak o makialam sa paghahatid ng iyong liham o nota.

IKAW AY MAY KARAPATAN na komontak sa Tanggapan ng Tagapagtanggol ng Pasyente sa Kalusugang Pang-Isip sa Alberta sa (780) 422-1812 ukol sa anomang katanungan at malasakit na mayroon ka tungkol sa iyong mga karapatan, pagagamot at/o pangangalaga bilang isang pormal (di-kusa) na pasyente.